



Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Lungsod ng Pasig



# **K to 12 Gabay Pangkurikulum EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO**

**Baitang 1 – 10**

**May 2016**

## **K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM ANG BATAYANG KONSEPTWAL NG EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO**

Ang tunguhin o “outcome” ng pag-aaral sa batayang edukasyon ay ang panlahatang pag-unlad taglay ang mga kasanayan sa ika-dalawampu't isang siglo. Taglay ito ng isang mag-aaral kung mayroon siyang mga kakayahang pangkaalaman, pandamdamin at pangkaasalan na magbibigay sa kanya ng kakayahan upang:

1. mamuhay at magtrabaho
2. malinang ang kanyang mga potensiyal
3. magpasiya nang mapanuri at batay sa impormasyon
4. makakilos nang epektibo sa lipunan at pamayanan sa konteksto ng sandaigdigang upang mapabuti ang uri ng kanyang pamumuhay at ng kanyang lipunan (Literacy Coordinating Council, Setyembre 1997).

Ibinatay ang kahulugan at ang limang palatandaan nito sa Apat na Batayan (Pillar) ng Edukasyon at sa konsepto ng UNESCO tungkol sa mga panghabambuhay na kakayahan (life skills) na binuo ng International Commission on Education para sa ika-21 siglo. Ang sumusunod ang limang palatandaan nito: (a) may kakayahang makipagtalastasan, (b) nag-iisip nang mapanuri at may kakayahang lumutas ng suliranin, (c) ginagamit ang mga likas na yaman nang mapanagutan para sa susunod na salinlahi at (d) produktibo, napauunlad ang sarili at ang pakikipagkapwa, at (e) may malawak na pananaw sa daigdig.

Sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), ang palatandaan o batayang kakayahan ng *functional literacy* ay *nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat*. Ibig sabihin, nilalayan ng EsP na linangin at paunlarin ang pagkataong etikal ng mag-aaral. Ang EsP ay naglalayong gabayan ang mag-aaral na mahanap / matagpuan ang kabuluhan ng kanyang buhay, ang papel niya sa lipunang Pilipino upang makibahagi siya sa pagtatayo ng pamayanang pinaiiiral ang katotohanan, kalayaan, katarungan at pagmamahal. Upang maipamalas ito, kailangang taglay niya ang limang pangunahing kakayahan (macro skills)\*: pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, pagpapasiya at pagkilos.

1. *Pag-unawa*. Mahalagang maipamalas niya ang kakayahang mahinuha ang mga konsepto at prinsipyong nagbibigay-paliwanag sa sariling karanasan, mga sitwasyong namasid, sinuri at pinagnilayan gamit ang obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.
2. *Pagninilay*. Sa gitna ng mabilis na daloy ng impormasyon at ingay ng kapaligiran, kailangang mag-ukol ng panahon ang mag-aaral sa maingat at malalim na pag-iisip sa mga sitwasyong naobserbahan at mga konseptong natutuhan tungkol sa moral na pamumuhay.
3. *Pagsangguni*. Kailangang humingi siya ng payo o gabay sa mga taong may higit na kaalaman o kasanayan sa moral na pamumuhay at marunong magsala (weigh) ng mga impormasyong mula sa iba't ibang uri ng media batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.
4. *Pagpapasiya*. Kailangang matuto siyang bumuo ng sariling posisyon, paniniwala, paninindigan o kilos na isasagawa batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

5. *Pagkilos*. Mahalagang mailapat niya ang konsepto o prinsipyong nahinuha mula sa mga konkretong sitwasyon ng buhay at maipakita ang kahandaang isabuhay ang mga mabuting ugali (virtues) na natutuhan batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

Ang mga pangunahing kakayahang ito ay nililintang sa apat na tema sa bawat taon sa paraang “expanding spiral” mula Kindergarten hanggang Grade 12. Ang sumusunod ang apat na tema: (a) Pananagutang Pansariliat Pagiging Kasapi ng Pamilya , (b) Pakikipagkapwa at Katatagan ng Pamilya, (c) Paggawa Tungo sa Pambansang Pag-unlad at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa, at (d) Pagkamaka-Diyos at Preperensya sa Kabutihan. Pitong pangunahing pagpapahalaga (core values) ang nililintang sa mga temang ito: Kalusugan at Pakikiisa sa Kalikasan, Katotohanan at Paggalang, Pagmamahal at Kabutihan, Ispiritwalidad, Kapayapaan at Katarungan, Likas-kayang Pag-unlad, Pagkamaka-Pilipino at Pakikibahagi sa Pambansang Pagkakaisa (Values Education for the Filipino: 1997 Revised Version of the DECS Values Education Program, ph. 10-11).

### Ang Pilosopiya at mga Batayang Teorya ng Pagtuturo-Pagkatuto

Ang Batayang Konseptwal ng Edukasyon sa Pagpapakatao ay batay sa pilosopiyang Personalismo tungkol sa pagkatao ng tao at sa Etika ng Kabutihang Asal (*Virtue Ethics*). Ayon sa pilosopiya ng Personalismo, nakaugat lagi sa pagpapakatao ang ating mga ugnayan. Nililikha natin ang ating pagpapakatao sa ating pakikipagkapwa. Sa *Virtue Ethics* naman, sinasabing ang isang mabuting tao ay nagsasabuhay ng mga virtue o mabuting gawi (habits) at umiiwas sa mga bisyo o masamang gawi. Samakatwid, ang nagpapabuti sa tao ay ang pagtataglay at ang pagsasabuhay ng mga mabuting gawi.

Sa murang edad na 6 hanggang 12 taon, maaaring hindi pa lubos na maunawaan ng isang bata ang kanyang pagkatao bilang tao ayon sa paLiwanag ng pilosopiyang Personalismo. Ngunit maaari siyang sanayin sa mga virtue at pagpapahalaga upang lumaki siyang isang mabuting tao. Sa mga edad na ito, mauunawaan niya na dapat siyang magpakabuti hindi lamang sapagkat ito ang inaasahan sa kanya ng lipunan kundi dahil *tao* siya - may dignidad at likas ang pagiging mabuti. May dignidad ang tao dahil siya ay bukod-tangi at may ugnayan sa kanyang kapwa, sa Diyos, at kalikasan.

Ang Interaktibong Teorya ng Pagkatuto (Social Learning Theory) ni Albert Bandura, Pagkatutong Pangkaranasan (Experiential Learning) ni David Kolb, Konstruktibismo (Constructivism) at Teorya ng Pamimili ng Kurso (Theory of Career Development) ni Ginzberg, et. al. at Super ang iba pang teorya na nagpapaLiwanag kung paano natututo ang mag-aaral sa EsP.

Ayon sa paLiwanag ng Interaktibong Teorya ng Pagkatuto (Social Learning Theory) ni Albert Bandura, maaaring makuha sa pagmamasid sa ibang tao ang mga pagkatuto tulad ng pagkakaroon ng mabuting ugali at bagong impormasyon. Ayon pa rin sa teoryang ito, mahalaga ang mga iniisip ng tao sa kanyang pagkatuto ngunit hindi nangangahulugang magbubunga ito ng pagbabago sa kilos.

Ang mga karanasan din ang pinagkukunan ng mga pagkatuto ayon kay David Kolb at sa Teorya ng Pagkatuto ng Konstruktibismo. Ayon sa Teorya ng Pagkatutong Pangkaranasan ni Kolb, ang mga nasa edad (adults) ay natututo sa pamamagitan ng kanilang *pagninilay* sa kanilang mga karanasan, pagbuo ng mga konklusyon o insight mula sa mga ito, at *paglalapat* ng mga ito sa angkop na mga sitwasyon ng buhay. Sinusuportahan ang pananaw ni Kolb ng Teorya ng Konstruktibismo. Sinasabi ng teoryang ito nanagkakaroon ng pagkatuto ang tao at gumagawa ng kabuluhan (meaning) batay sa kanyang mga karanasan.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Naipamamalas ito sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng tuon sa mag-aaral. Nagkakaroon siya ng mga bagong pagkatuto gamit ang mga tanong ng guro at ng kanyang malikhaing paraan.

Nailalapat ang mga pagkatutong ito sa paggawa ng mga pasiya tulad ng kukuning kurso o propesyon. Ayon sa *Teorya ng Career Development* nina Ginzberg, et. al. at Super, dumadaan sa iba't ibang yugto ang pagpapasya ng bata ukol sa kurso o propesyon batay sa kanyang pagtingin sa sarili (self-concept), saloobin (attitude) at mga pagpapahalaga. Tinatanggap o tinatanggihan niya ang isang kurso o trabaho batay sa obserbasyon niya (halimbawa, mga kilos ng kanyang magulang ayon sa propesyon nito) at sa tinuturing niyang mahalaga (halimbawa, malaking sweldo o paglilingkod sa lipunan).

### Mga Disiplina ng Edukasyon sa Pagpapakatao

Ang nilalaman at istraktura ng Edukasyon sa Pagpapakatao ay nakaankla sa dalawang disiplina: Ethics at Career Guidance. Ang Etika ay ang siyensya ng moralidad ng kilos ng tao. Samantalang Career Guidance naman ang paggabay sa mag-aaral na magpasiya ng kursong akademiko, sining at isports o teknikal-bokasyonal na tugma sa kanyang mga talento, kakayahan at aptitude at mga trabahong kailangan ng industriya.

### Mga Dulog sa Pagtuturo

Ang mga pangunahing dulog na gagamitin sa pagtuturo ng mga konsepto ay ang pagpapasyang etikal (*ethical decision making*) sa pamamagitan ng pagsusuri ng suliranin o isyu), ang Panlipunan–Pandamdaming Pagkatuto (Social-Emotional Learning), at pagpapalano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal.

Ang paggawa ng pagpapasyang etikal o moral ay ang pagbuo ng pasiya na may preperensya sa kabutihan at magpapatingkad o maglilining ng pagkatao ng tao. Proseso ito na kinapapalooban ng (a) pag-alam sa mga detalye ng sitwasyon at (b) maingat na pagsasaalang-alang ng mga moral na pagpapahalaga na mahalaga sa isang sitwasyon. Mahalaga rin dito ang pagiging sensitibo sa mga aspetong moral ng mga sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay at ang kamalayan sa mga tao o pangkat na maaapektuhan ng pasiya.

Ang Panlipunan–Pandamdaming Pagkatuto (Social-Emotional Learning) ay ang pagkakaroon ng mga kakayahang kailangan sa pagkilala at pamamahala ng sarili, paglinang ng pagmamalasakit sa kapwa, paggawa ng mapanagutang pasiya, pakikipag-ugnayan, at pagharap nang epektibo sa mga mapanghamong sitwasyon. Paraan ito ng paglinang ng mga kakayahan ng mag-aaral upang magtagumpay sa mga gawain sa buhay. Nahahati sa limang uri ang mga kakayahang ito: Kamalayang Pansarili, Pamamahala ng Sarili, Kamalayang Panlipunan, Pamamahala ng Pakikipag-ugnayan at Mapanagutang Pagpapasiya.

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO




Figure 1. Ang Batayang Konseptwal ng Edukasyon sa Pagpapakatao

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**  
**Deskripsyon ng Asignatura**

Ang Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) ay isa sa mga asignatura ng Pinaunlad na Programa ng Batayang Edukasyon na K to 12 na gagabay at huhubog sa mga kabataan. Tunguhin nito ang paghubog ng kabataang nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat. Nangangahulugan ito na lilinangin at pauunlarin ang **pagkataong etikal** ng bawat mag-aaral. Upang maipamalas ito, kailangang magtaglay siya ng limang pangunahing kakayahan (*macro skills*): **pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, pagpapasya at pagkilos.**

Nililintang sa apat na tema sa bawat antas mula Kindergarten hanggang Baitang 10 ang mga pangunahing kakayahang ito: (a) Pananagutang Pansarili at Mabuting Kasapi ng Pamilya, (b) Pakikipagkapwa-tao, (c) Paggawa Tungo sa Pambansang Pag-unlad at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa, at (d) Pananalig at Pagmamahal sa Diyos at Paninindigan sa Kabutihan.

**MGA PAMANTAYAN SA PROGRAMA (LEARNING AREASTANDARDS)**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pananagutang pansarili, pamilya, kapwa, bansa/daigdig at Diyos; nakapagpapasya at nakakikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat upang mamuhay nang maayos at maligaya.

**PANGUNAHING PAMANTAYAN NG BAWAT YUGTO (KEYSTAGE STANDARDS)**

<b>K – Baitang 3</b>	<b>Baitang 4 – 6</b>	<b>Baitang 7 – 10</b>
Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto at gawaing nagpapakita ng pananagutang pansarili, pampamilya, pagmamahal sa kapwa/pamayanan, sa bansa at sa Diyos tungo sa maayos at masayang pamumuhay.	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto at gawaing nagpapakita ng pananagutang pansarili, pampamilya, pagmamahal sa kapwa, sa bansa/ daigdig at sa Diyos tungo sa kabutihang panlahat.	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pananagutang pansarili, pagkatao ng tao, pamilya at pakikipagkapwa, lipunan, paggawa at mga pagpapahalagang moral at nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat upang mamuhay nang may kaayusan at kaligayahan.

## ANG BATAYANG KONSEPTWAL NG EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

### Grade Level Standards (Pamantayan sa Bawat Baitang/Antas)

BAITANG	PAMANTAYAN
K	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkakaroon ng kamalayan sa paggalang at pagmamahal sa sarili, kapwa at Diyos bilang gabay tungo sa maayos at masayang tahanan.
1	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga paraan ng paggalang sa sarili, kapwa, bansa at Diyos bilang gabay tungo sa maayos at masayang tahanan at paaralan.
2	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapakikita ng mga kilos na nagpapahalaga sa sarili, kapwa, bansa, Diyos at sa Kanyang mga nilikha bilang patnubay sa maayos at masayang paaralan at pamayanan.
3	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga gawain na nagpapakita ng pagpapahalaga tungo sa maayos at masayang pamumuhay na may mapanagutang pagkilos at pagpapasiya para sa sarili, kapwa, pamayanan, bansa at Diyos .
4	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga makabuluhang gawain na may kaakibat na pagpapahalaga tungo sa wasto, maayos, masaya at mapayapang pamumuhay para sa sarili, kapwa, bansa at Diyos.
5	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa masusing pagsusuri sa pagpapahayag, pagganap ng tungkulin na may pananagutan at pagsasabuhay ng mga ito tungo sa masaya, mapayapa at maunlad na pamumuhay para sa sarili/ mag-anak, kapwa/ pamayanan, bansa/ daigdig at Diyos.

### K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

BAITANG	PAMANTAYAN
6	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga gawain na tumutulong sa pag-angat ng sariling dignidad, pagmamahal sa kapwa na may mapanagutang pagkilos at pagpapasiya tungo sa maayos, mapayapa at maunlad na pamumuhay para sa kabutihang panlahat.
7	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata, kakayahan at talento, hilig at pagkatao ng tao tungo sa pagtupad ng mga tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa bansa/ daigdig at sa Diyos at pagtatakda ng mithiin upang mapanagutan ang kahihinatnan ng mga pasya at kilos.
8	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa layunin at kahalagahan ng pamilya at pakikipagkapwa upang maging mapanagutan sa pakikipag-ugnayan sa iba tungo sa makabuluhang buhay sa lipunan.
9	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa lipunan at paggawa bilang paglilingkod tungo sa tamang pagpili ng kurso o hanapbuhay na magiging makabuluhan at kapaki-pakinabang sa kanya at sa lipunan.
10	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa pagkatao ng tao, makataong kilos, pagpapahalagang moral at mga isyung moral at nagpapasya at kumikilos nang may preperensya sa kabutihan upang maging matatag sa gitna ng mga isyung moral at impluwensya ng kapaligiran.



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM  
BAITANG 1**

<b>Pamantayan Para sa Baitang 1</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga paraan ng paggalang sa sarili, kapwa, bansa at Diyos bilang gabay tungo sa maayos at masayang tahanan at paaralan.
-------------------------------------	---

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<b>I. Tungkulin Ko Sa Aking Sarili at Pamilya – Unang Markahan</b>					
1. Pagkilala sa sarili 1.1. kalakasan/ potensyal 1.2. kahinaan 1.3. damdamin	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at sariling kakayahan, pangangalaga sa sariling kalusugan at pagiging mabuting kasapi ng pamilya.	Naipakikita ang kakayahan nang may tiwala sa sarili	1. Nakikilala ang sariling: 1.1. gusto 1.2. interes 1.3. potensyal 1.4. kahinaan 1.5. damdamin / emosyon	<b>EsP1PKP - Ia-b – 1</b>	
2. Pagpapahalaga sa Sarili (self-esteem) 2.1. Pagtitiwala sa sarili (self-confidence)			2. Naisasakilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan 2.1. pag-awit 2.2. pagsayaw 2.3. pakikipagtalastasan 2.4. at iba pa		<b>EsP1PKP - Ib-c – 2</b>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<p>3. Pagiging responsable sa pangangalaga sa sarili</p> <p>3.1. Kalinisan at Kalusugan (Cleanliness/ Wellness)</p>		<p>Naisabubuhay nang may wastong pag-uugali ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa sarili at kalusugan upang mapaunlad ang anumang kakayahan.</p>	<p>3. Nakapaglalarawan ng iba't ibang gawain na maaaring makasama o makabuti sa kalusugan</p> <p>3.1 nakikilala ang iba't ibang gawain/paraan na maaaring makasama o makabuti sa kalusugan</p>	<p align="center"><b>EsP1PKP - Id – 3</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 2-13, 25-30.*</li> <li>2. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 2-12.*</li> <li>3. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 1-13.*</li> <li>4. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 2-6, 37-41.*</li> <li>5. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 2-20.*</li> <li>6. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Aklat). 1997. pp. 2-8, 130-134.* 7. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 2-12.* 8. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 2-9.* 9. Liwanag 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 2-9.* 10. Kagandahang Asal at Wastong Pag-Uugali 2 (Batayang Aklat). 1998. pp. 30-39.* 11. Basic Literacy Learning Material (BALS). 2013. Ang 'K' ng Buhay. 12. Basic Literacy Learning Material. BALS.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					2013. Kalusugan ay Kayamanan! Aralin 1.
<p>3. Pampamilyang Pagkakabuklod</p> <p>3.1. Pagkakabuklod/ Pagkakaisa (Unity/Oneness)</p> <p>3.2. Pagmamalasakit</p>		<p>Naisasagawa nang may pagmamahal at pagmamalasakit ang anumang kilos at gawain na magpapasaya at magpapatibay sa ugnayan ng mga kasapi ng pamilya</p>	<p>3.2 nasasabi na nakatutulong sa paglinang ng sariling kakayahan ang wastong pangangalaga sa sarili</p> <p>4. Nakapagpapakita ng wastong pag-uugali sa pangangalaga sa sarili</p>	<p><b>EsP1PKP - Ie – 4</b></p> <p><b>EsP1PKP - If- 5</b></p>	<p>1. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 21-27, 145-148.*</p> <p>2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 1-5, 106-112.*</p> <p>3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 130-134.*</p> <p>4. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 129-132.*</p> <p>5. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 18-21.*</p>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					6. Kagandahang Asal at Wastong Pag-Uugali 2 (Batayang Aklat). 1998.pp. 35-41.* 7. Uliran 2 (Batayang aklat). 1997. pp. 41-46.*
			5. Nakakikila ng mga gawaing nagpapakita ng pagkakabuklod ng pamilya tulad ng 5.1. pagsasama-sama sa pagkain 5.2. pagdarasal 5.3. pamamasyal 5.4. pagkukuwentuhan ng masasayang pangyayari	<b>EsP1PKP - Ig – 6</b>	1. PRODED EPP. Asal sa Hapag-Kainan. 2. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 19-24.* 3. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 188-190.* 4. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 48-50.* 5. Mabuting Asal at Wastong

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 130-134.* 6. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 33-41.* 7. BALS Video. I'm Proud to be a Filipino. Close Family Ties. 8. BALS Video. I'm Proud to be a Filipino. Trust God.
			6. Nakapagpapahayag na tungo sa pagkakaisa ang pagsasama-sama ng pamilya	<b>EsP1PKP - Ih- 7</b>	1. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 180-182.* 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 169-176.* 3. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Manwal ng Guro). 1997. pp. 174-181.*

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					<p>4. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 154-158, 167-174.*</p> <p>5. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 149-158.*</p> <p>6. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Pinoy Kami. Aralin 1, 2.</p>
			<p>7. Nakatutukoy ng mga kilos at gawain na nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa mga kasapi ng pamilya Hal.</p> <p>1. pag-aalala sa mga kasambahay</p> <p>2. pag-aalaga sa nakababatang kapatid at kapamilyang maysakit</p>	<b>EsP1PKP - Ii- 8</b>	<p>1. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 126-139.*</p> <p>2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 96-100, 145-151.*</p> <p>3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997.</p>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					pp. 57-62, 118-123.* 4. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 124-125.*
<b>II. Mahal Ko, Kapwa Ko - Ikalawang Markahan</b>					
Pagmamahal sa kapwa  1. Pagdama sa damdamin ng iba (Empathy)	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararami	Naisasabuhay ang wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon.	8. Nakapagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa mga magulang  9. Nakatutukoy ng mga wastong paraan ng pakikitungo sa mga kasambahay	<b>EsP1P-IIa-b – 1</b>          <b>EsP1P-IIb – 2</b>	1. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 124-129.* 2. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 103-110.* 3. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 109-113.* 4. BALS Video. I’m Proud to be a Filipino. Respect for elders.  1. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			10. Nakapagpapakita ng pagmamahal sa pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon lalo na sa oras ng pangangailangan	<b>EsP1P- IIc-d – 3</b>	Guro). 1997. pp. 125-133.* 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 142-160.*
2. Pagkamagalang (Respect)	Naisasabuhay ang pagiging magalang sa kilos at pananalita		11. Nakapagpapakita ng paggalang sa pamilya at sa kapwa sa pamamagitan ng: 11.1. pagmamano/paghalik sa nakatatanda 11.2. bilang pagbati 11.3. pakikinig habang may nagsasalita 11.4. pagsagot ng "po" at "opo" 11.5. paggamit ng salitang "pakiusap" at 11.6. "salamat"	<b>EsP1P- IIe-f– 4</b>	1. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 74-83.* 2. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 100-110.* 3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 81-95.* 4. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 105-111.* 5. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 113-116.*

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					6. BALS Video. I'm Proud to be a Filipino. Respect for Elders.
3. Pagkamatapat (Honesty)		Naisasabuhay ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon	12. Nakapagsasabi ng totoo sa magulang/ nakatatanda at iba pang kasapi ng mag-anak sa lahat ng pagkakataon upang maging maayos ang samahan 12.1. kung saan papunta/ nanggaling 12.2. kung kumuha ng hindi kanya 12.3. mga pangyayari sa paaralan na nagbunga ng hindi pagkakaintindihan 12.4. kung gumamit ng computer sa paglalaro imbis na sa pag-aaral	<b>EsP1P- IIg-i- 5</b>	1. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 71-80, 108-110.* 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 55-59.* 3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 71-83.* 4. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 48-52, 61-62.* 5. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali (Batayang Aklat). 2000. pp. 65-69.*

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<b>III. Para Sa Kabutihan ng Lahat, Sumunod Tayo – Ikatlong Markahan</b>					
<p>1. Pagmamahal sa Komunidad na Kinabibilangan</p> <p>1.1. Pagkamasunurin (<i>Obedience</i>)</p> <p>1.2. Pagkamagalang (Respect)</p> <p>1.3. Pagpapahalaga sa Karapatan (Appreciation of One’s Rights)</p> <p>1.4. Kaayusan at Kapayapaan (<i>Peace and order</i>)</p>	<p>Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagiging masunurin, pagpapanatili ng kaayusan, kapayapaan at kalinisan sa loob ng tahanan at paaralan</p>	<p>Naisasabuhay ang pagiging masunurin at magalang sa tahanan, nakasusunod sa mga alituntunin ng paaaralan at naisasagawa nang may pagpapahalaga ang karapatang tinatamasa</p>	<p>13. Nakapagpapakita ng iba’t ibang paraan ng pagiging masunurin at magalang tulad ng:</p> <p>13.1. pagsagot kaagad kapag tinatawag ng kasapi ng pamilya</p> <p>13.2. pagsunod nang maluwag sa dibdib kapag inuutusan</p> <p>13.3. pagsunod sa tuntuning itinakda ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>❖ tahanan</li> <li>❖ paaralan</li> </ul>	<p><b>EsP1PPP- IIIa – 1</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Edukasyon sa Pagpapakatao</li> <li>2. Tagalog. 2013. pp. 37-49.</li> <li>3. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 58-61, 118-121, 162-165.*</li> <li>4. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 82-86.*</li> <li>5. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp.92-95, 101-105.*</li> <li>6. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp.112-117.*</li> <li>7. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Manwal ng Guro). 1997. pp. 60-73.*</li> <li>8. Kagandahang Asal at</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Wastong Pag-uugali (Batayang Aklat) 1. 1998. pp.170-175.* 8. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 81-86, 114-119.* 9. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 134-140.* 10. Liwanag 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 97-100.* 11. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 2 (Batayang Aklat). 1998. pp. 7-12, 132-142.* 12. PILOT MTBMLE ESP 3. pp. 114-122.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			14. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga karapatang tinatamasa Hal. Pagkain ng masusustansyang pagkain Nakapag-aaral	<b>EsP1PPP-IIIb-c- 2</b>	
			15. Nakapagpapakita ng mga paraan upang makamtam at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa tahanan at paaralan tulad ng: 15.1. pagiging masaya para sa tagumpay ng ibang kasapi ng pamilya at ng kamag-aral 15.2. pagpaparaya 15.3. pagpapakumbaba	<b>EsP1PPP-IIIId-e- 3</b>	
2. Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development)  2.1. Pagmamalasakit sa kapaligiran (Care of the environment)		Naisasagawa nang may kusa ang mga kilos at gawain na nagpapanatili ng kalinisan, kaayusan at katahimikan sa loob ng tahanan at paaralan	16. Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa loob ng tahanan at paaralan para sa mabuting kalusugan Hal. Pagtulong sa paglilinis ng tahanan Pagtulong sa paglilinis ng paaralan Pag-iwas sa pagkakalat	<b>EsP1PPP-IIIIf-h- 4</b>	1. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 13-18.* 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 6-10.* 3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 9-23.* 4. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					pp. 25-32.* 5. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 17-21.* 6. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 21-32.* 7. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali (Batayang Aklat). 2000. pp. 27-31, 37-49.* 8. Pilipino sa Ugali at Asal 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 2-13.*
			17. Nakagagamit ng mga bagay na patapon ngunit maaari pang pakinabangan	<b>EsP1PPP-IIIi – 5</b>	1. FL-EP 1, Aralin2: Nag-iimpok Ka Ba? Paano ?. p. 14. 2. Kagandahang Asal at Wastong Pag-

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 22-26.* 3. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Patapon Man: Inaalagaan din . Aralin 1, 2.
<b>IV. Paggawa nang Mabuti, Kinalulugdan ng Diyos – Ikaapat na Markahan</b>					
1. Pagmamahal sa Diyos (Love of God)  2. Pag-asa ( <i>Hope</i> )	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa Diyos, paggalang sa paniniwala ng iba at pagkakaroon ng pag-asa	Naipakikita ang pagmamahal sa magulang at mga nakatatanda, paggalang sa paniniwala ng kapwa at palagiang pagdarasal	18. Nakasusunod sa utos ng magulang at nakatatanda	<b>EsP1PD-IVa-c- 1</b>	1. FL-EP, Aralin5-Para sa Magandang Bukas 1. p. 26. 2. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 114-117, 122-125, 140-143.* 3. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 30-34.* 4. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 50-54.* 5. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 63-70, 84-

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					90.* 6. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 71-75.*
			19. Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa	<b>EsP1PD-IVd-e – 2</b>	1. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 184-189.*
			20. Nakasusunod sa mga gawaing panrelihiyon	<b>EsP1PD-IVf-g– 3</b>	1. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 42-51.* 2. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. p. 63.* 3. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 84-90.* 4. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					(Batayang Aklat). 2000. pp. 98-102.* 5. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 78-84.* 6. Liwanag 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 66-75, 80-86.* 7. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 2 (Batayang Aklat). 1998. pp. 71-75.* 8. Uliran 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 97-106.* 9. Pilipino sa Ugali at Asal 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 95-104.* 10. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					pp. 97-104.* 11. Basic Literacy Learning Materials. BALS. 2005. Ang Aming mga Gawain. Aralin 3.
			21. Nakapagdarasal nang mataimtim	<b>EsP1PD-IVh-i – 4</b>	Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 190-194.*

**BAITANG 2**

<b>Pamantayan Para sa Baitang 2</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapakikita ng mga kilos na nagpapahalaga sa sarili, kapwa, bansa, Diyos at sa Kanyang mga nilikha bilang patnubay sa maayos at masayang paaralan at pamayanan.
-------------------------------------	--

<b>\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<b>I. Tungkulin Ko Sa Aking Sarili at Pamilya – Unang Markahan</b>					
1. Pagkilala sa sarili  1.1. kakayahan / potensyal 1.2. kahinaan 1.3. damdamin  A. Pagpapahalaga sa sarili (self-esteem)	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklod-buklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng	Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalaman ang anumang kahinaan	1. Naisakikilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan: 1.1. pag-awit 1.2. pagguhit 1.3. pagsayaw 1.4. pakikipagtalastasan 1.5. at iba pa	<b>EsP2PKP-Ia-b – 2</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 2-13. 2. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
B. Pagtitiwala sa sarili (self-confidence)	tahanan at paaralan				pp. 21-25.* 3. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 2 (Batayang Aklat). 1998. pp. 46-52.* 4. Pilipino sa Ugali at Asal 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 57-68.* 5. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 68-71.*
			2. Napahahalagahan ang saya o tuwang dulot ng pagbabahagi ng anumang kakayahan o talent	<b>EsP2PK P- Ic – 9</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 14-25. 2. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 63-67.*
			3. Nakapagpapakita ng kakayahang labanan ang takot kapag may nangbubully	<b>EsP2PK P- Ic – 10</b>	
2. Pagiging responsible sa pangangalaga/pag-iingat sa sarili		Naisasagawa nang palagian ang pangangalaga at pag-	4. Naisakikilos ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan, kalusugan at pag-iingat ng katawan	<b>EsP2PKP- Id – 11</b>	1. PILOT MTBMLE ESP 3 pp. 1-4. 2. Liwanag 1 (Patnubay ng

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
1.1. Kalinisan at Kalusugan (Cleanliness/ Wellness)		iingat sa katawan			Guro). 2000. pp. 14-17.* 3. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 9-13.* 4. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 3-7, 17-28.* 5. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Ang K ng Buhay. Aralin 1-3. 6. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Kalusugan ay Kayamanan. Aralin 1, 2.
3. Pampamilyang Pagkakabuklod 3.1. Pagkakabuklod/ Pagkakaisa (Unity/Oneness) 3.2. Pagkakaroon ng disiplina (Personal Discipline)		Naisasagawa ang kusang pagsunod sa mga tuntunin at napagkasunduang gagawin sa loob ng tahanan	5. Nakapagpapakita ng pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda sa loob ng tahanan 5.1. paggising at pagkain sa tamang oras 5.2. pagtapos ng mga gawaing bahay 5.3. paggamit ng mga kagamitan 5.4. at iba pa	<b>EsP2PKP-Id-e – 12</b>	1. FL-EP Baitang 1, Aralin 1 pp. 11-13. 2. PRODED EPP, Paglilinis ng Tahanan. 3. PILOT MTBMLE ESP 3 pp. 35-44. 4. Edukasyon sa Pagpapakatao

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					2. Tagalog. 2013. pp. 26-36. 5. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 109-117.* 6. Liwanag 1 (Patnubay ng Guro). 2000. pp. 42-48.* 7. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 48-55.* 8. Wastong Pag- uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 16-19.* 9. Edukasyon sa Wastong Pag- uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 37-41.* 10. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali (Batayang Aklat). 2000.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					pp. 22-26.* 11. Kagandahang Asal at wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 42-46, 60-65.* 12. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 8-12.* 13. Basic Literacy Learning Materials. BALS. 2005. Ang Aming mga Gawain. Aralin 1.
<b>111. Mahal Ko, Kapwa Ko - Ikalawang Markahan</b>					
	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng iba, pagiging magalang sa kilos at pananalita at pagmamalasakit sa kapwa	Naisasagawa ang wasto at tapat na pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa	6. Nakapagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan na may pagtitiwala sa mga sumusunod: 6.1. kapitbahay 6.2. kamag-anak 6.3. kamag-aral 6.4. panauhin/ bisita 6.5. bagong kakilala 6.6. taga-ibang lugar	<b>EsP2P-IIa-b – 6</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 79-97. 2. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 119-143.* 3. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 96-100, 152-157.*

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					4. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 177-184.* 5. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 197-199, 202-205.* 6. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 118-121.* 7. BALS Video. Building Relationship with Others.
			7. Nakapagbabahagi ng sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng: 7.1. antas ng kabuhayan 7.2. pinagmulan 7.3. pagkakaroon ng kapansanan	<b>EsP2P-IIc – 7</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 98-105. 2. Uliran 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 141-145.* 3. PILOT MTBMLE ESP 3 pp. 69-75.
1. Pagkamagalang (Respect)			8. Nakagagamit ng magalang na pananalita sa kapwa bata at nakatatanda	<b>EsP2P-IId – 8</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					2. Tagalog. 2013. pp. 106-114. 2. Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 2000. pp. 167-172.*
			9. Nakapagpapakita ng iba't ibang kilos na nagpapakita ng paggalang sa kaklase o kapwa bata	<b>EsP2P-IIId-9</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 115-124. 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 40-47.* 3. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 107-113.*
3. Pagmamalasakit sa Kapwa (Concern for Others)		Naisasagawa ang mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa	10. Nakagagawa ng mabuti sa kapwa	<b>EsP2P-IIe – 10</b>	1. GMRC 1 (Patnubay ng Guro). 1996. pp. 87-96.* 2. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Kagandahang Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 129-133.*



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					3. Salamin ng Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 141-148.* 4. Uliran 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 133-137.* 5. Basic Literacy Learning Materials. BALS. 2005. Ang Aming mga Gawain. Aralin 4.
			11. Nakapaglalahad na mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa	<b>EsP2P- IIf 11</b>	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 132-138.
			12. Nakatutukoy ng mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan	<b>EsP2P- IIg – 12</b>	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 139-155.
			13. Nakapagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan	<b>EsP2P- IIh-i – 13</b>	1. Uliran 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 148-151.* 2. BALS Video. I'm Proud to be a Filipino. Hospitality.

**III. Para Sa Kabutihan ng Lahat, Sumunod Tayo – Ikatlong Markahan**

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
1. Pagmamahal sa Bansa  1.1. Pagkamasunurin ( <i>Obedience</i> )  1.2. Pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ( <i>Peace and order</i> )  1.3. Paggalang sa karapatang pantao ( <i>Respect for human rights</i> )	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng kamalayan sa karapatang pantao ng bata, pagkamasunurin tungo sa kaayusan at kapayapaan ng kapaligiran at ng bansang kinabibilangan	Naisasagawa nang buong pagmamalaki ang pagiging mulat sa karapatan na maaaring tamasahin	14. Nakapagpapakita ng paraan ng pagpapasalamat sa anumang karapatang tinatamasa Hal. pag-aaral nang mabuti pagtitipid sa anumang kagamitan	<b>EsP2PPP-IIIa-b- 6</b>	Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 130-133, 135-140.*
			15. Nakatutukoy ng mga karapatang maaaring ibigay ng mag-anak	<b>EsP2PPP-IIIc- 7</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 157-166. 2. Basic Literacy Learning Material (BALS) 2013. Karapatan ng Bata Dapat Alagaan. 3. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Mga Karapatan, Alamin at Pangalagaan. Aralin 1-3.
			16. Nakapagpapahayag ng kasiyahan sa karapatang tinatamasa	<b>EsP2PPP-IIIc- 8</b>	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 167-174.
			17. Nakapagbabahagi ng pasasalamat sa tinatamasang karapatan sa pamamagitan ng kuwento	<b>EsP2PPP-IIIId- 9</b>	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 175-180.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
<p>2. Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development)</p> <p>2.1. Pagkamatipid (Financial Literacy)</p> <p>2.2. Pagmamalasakit sa kapaligiran (Care of the environment)</p>		<p>Naisasabuhay ang pagsunod sa iba't ibang paraan ng pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa pamayanan at bansa</p>	<p>18. Nakagagamit nang masinop ng anumang bagay tulad ng tubig, pagkain, enerhiya at iba pa</p>	<p><b>EsP2PPP-IIIId-e-10</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. PILOT MTBMLE ESP 3 pp. 44-49, 172-176.</li> <li>2. Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon 1 (Batayang Aklat). 1997. pp. 133-138, 143-145.*</li> <li>3. Basic Literacy Learning Material (BALS). 2013. Ang Tubig ay Buhay.</li> <li>4. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Ang Tubig ay Buhay. Aralin 1.</li> <li>5. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Yamang Tubig: Ingatan at Pagyamanin. Aralin 2.</li> <li>6. BALS Video. Proper Use of Electricity. Lesson 2.</li> <li>7. MISOSA 4 Magtipid sa</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
			19. Nakikibahagi sa anumang programa ng paaralan at pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa	<b>EsP2PPP- IIIif- 11</b>	Paghahanda at Pagluluto ng Pagkain; Pagre-recycle ng Pagkain.  1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 202-222. 2. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Patnubay ng Guro). 1997. pp. 11-18.* 3. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 2 (Batayang Aklat). 1998. pp. 132-137.* 4. Magandang Asal 2 (Batayang Aklat). 2000. pp. 82-85, 90-94.*
3. Pambansang pagkakaunawaan  3.1. Kaayusan at Kapayapaan (Peace and Order)			20. Nakatutukoy ng iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan hal. - pagsunod sa mga babalang pantrapiko - wastong pagtatapon ng basura - pagtanim ng mga halaman sa paligid	<b>EsP2PPP- IIIg-h- 12</b>	1. PILOT MTBMLE ESP 3 pp. 144-151, 181-185. 2. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 181-

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
					201. 3. Pilipino sa Ugali at Asal 2 (Batayang Aklat). 1997. pp. 23-35.* 4. Basic Literacy Learning Material. BALS. 2005. Ang Aming mga Gawain. Aralin 2.
			21. Nakapagpapakita ng pagiging ehemplo ng kapayapaan	<b>EsP2PPP-IIIi- 13</b>	1. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 223-229. 2. NFE Accreditation and Equivalency Learning Material. 2001. Mga Tagapaghatid ng Kapayapaan. 3. Basic Literacy Learning Material (BALS). 2013. Bagong Sibol.
<b>IV. Paggawa nang Mabuti, Kinalulugdan ng Diyos – Ikaapat na Markahan</b>					

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA</b>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)</b>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)</b>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pagmamahal sa Diyos (Love of God)</li> <li>2. Pag-asa (<i>Hope</i>)</li> <li>3. Pagkakawanggawa (<i>Charity</i>)</li> </ol>	<p>Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha at mga biyayang tinatanggap mula sa Diyos</p>	<p>Naisasabuhay ang pagpapasalamat sa lahat ng biyayang tinatanggap at nakapagpapakita ng pag-asa sa lahat ng pagkakataon</p>	<p>22. Nakapagdarasal nang may pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos</p>	<p><b>EsP2PD-IVa-d- 5</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. MISOSA 4 Biyayang Kaloob ng Panginoon, Pahalagahan.</li> <li>2. Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 231-248.</li> <li>3. Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali 1 (Batayang Aklat). 1998. pp. 32-36.*</li> <li>4. Pilipino sa Ugali at Asal 1 (Batayang Aklat). 1997. pp.91-97.*</li> <li>5. Basic Literacy Learning Materials. BALS. 2005. Ang Aming mga Gawain. Aralin 3.</li> </ol>
			<p>23. Nakapagpapakita ng pasasalamat sa mga kakayahan/ talinong bigay ng Panginoon sa pamamagitan ng:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>23.1. paggamit ng talino at kakayahan</li> <li>23.2. pakikibahagi sa iba ng taglay na talino at kakayahan</li> </ol>		<p><b>EsP2PD-IVe-i- 6</b></p>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

\BATAYANG PAGPAPAHALAGA/ MGA KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO ( Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
